LABANAN ANG HEP A

Magsisimula ito sa iyo

Ang Hepatitis A ay isang nakakahawang impeksyon sa atay. Ang virus ay matatagpuan sa mga dumi ng mga tao na may impeksyong ito at karaniwang naikakalat sa pamamagitan ng pagkain o tubig na kontaminado ng virus.

Magpabakuna

Ang pagbabakuna ang magbibigay ng pinakamainam na proteksyon laban sa sakit na ito.

Mga sintomas ng impeksyong HEPATITIS A

- Lagnat
- Kapaguran
- Sakit ng ulo at/o pananakit ng katawan
- Walang ganang kumain
- Nahihilo't naaalibadbaran
- Masakit ang tiyan
- Pagsusuka
- Pagtatae
- Naninilaw na balat at mga mata
- Matingkad ang kulay ng ihi
- Malamya ang kulay ng dumi

Manatili sa bahay kung mayroon kang sakit

Dala-dala mo ang mga sakit saan ka man pumunta kung mayroon kang sakit. Manatili sa bahay at magpatingin sa iyong tagapaglaan ng pangangalaga ng kalusugan kung kinakailangan.

Bantayan ang mga sintomas

Subaybayan ang iyong kalusugan at kaagad makipag-ugnayan sa iyong tagapaglaan ng pangangalaga ng kalusugan kung magkakaroon ka ng mga sintomas.

Maghugas ng mga kamay

Palaging hugasang mabuti ang iyong mga kamay gamit ang sabon at maligamgam na tubig. Ang regular na paghuhugas ng kamay ay makakatulong sa iyo na makaiwas sa pagkakasakit at pagkakalat ng sakit.

Nakadaupang palad mo ba ang isang taong may Hepatitis A? Tawagan kaagad ang iyong doktor

Ang bakuna o globulin na pang-imyun (IG) na ibibigay sa loob ng unang dalawang linggo pagkatapos ng pagkakalantad ay magbibigay ng ilang proteksyon laban sa sakit.

Ang mga hindi nabakunahang mga nagproproseso ng pagkain ay dapat magkaroon ng pagsusuri para sa negatibong hepatitis A IgM bago bumalik sa trabaho.

Ang Pagkalat ng Sakit
Ay sa pamamagitan ng
Dumi-Napupunta sa bibig

Para sa higit pang impormasyon,
tumawag sa 2-1-1 o ibisitahin ang health.hawaii.gov

Tagalog